

## FILIPINO



**BOARD OF SUPERVISORS**  
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place  
Room 244  
San Francisco, CA 94102-4689

(415) 554-5184 (Telepono)  
(415) 554-5227 (TTY)  
(415) 554-5163 (Fax)

Email:

[Board.of.Supervisors@sfgov.org](mailto:Board.of.Supervisors@sfgov.org)

Website:

[www.sfbos.org](http://www.sfbos.org)



### (Binago noong June 29, 2020: Mga Modipikasyon para sa COVID-19)

Ang ADA ay isang batas ng karapatan sibil na ipinagtatanggol ang mamamayan na may iba't ibang kapansanan sa diskriminasyon sa lahat ng mga aspeto ng buhay panlipunan. Sa particular, hinihingi ng Title II ng ADA, na ang lahat ng mga programa na ibinibigay ng gobyerno sa pamamagitan ng estado at lokal, katulad ng Lungsod at County ng San Francisco ay dapat magamit at ma-access ng mga taong may kapansanan.

#### Mga Batas Karapatan sa ilalim ng ADA

Ayon sa patakaran ng ADA at ng Lungsod, lahat ng mga taong may kapansanan ay kailangang magkaroon ng pantay na akses sa lahat ng mga serbisyo, aktibidad at benepisyo ng Lungsod. Ang mga taong may kapansanan ay dapat magkaroon ng pantay na oportunidad upang makalahok sa mga programa at serbisyo na ibinibigay ng Lungsod at County ng San Francisco. Kung naniniwala kayo na ang karapatan ninyo sa ilalim ng ADA ay nalabag, mangyaring makipag-ugnayan sa ADA Coordinator.

Idinagdag ng Ordinansya 90-10 ang Section 2A.22.3 sa Administrative Code, na nag-adopt ng isang Citywide Americans with Disabilities Act Reasonable Modification Policy na inaatasan ang mga Departamento ng Lungsod na kailangan:

(1) Abisuhan ang publiko ukol sa kanilang karapatang humingi ng makatwirang modipikasyon; (2) napapanahong pagtugon sa mga ganitong uri na kahilingan; (3) magbigay ng angkop na pantulong at mga serbisyo sa mga taong may kapansanan upang matiyak ang epektibong komunikasyon; at (4) sanayin ang mga empleyado sa pagtugon sa mga kahilingan ng publiko para sa makatwirang modipikasyon, at ang Opisina ng Mayor para sa may kapansanan (Mayor's Office on Disability) ay dapat magbigay ng teknikal na tulong sa lahat ng mga Departamento ng Lungsod na tumutugon sa mga kahilingan ng publiko para sa makatwirang modipikasyon.

Ang Board of Supervisors at ang Opisina ng Clerk ng Board ay tumutulong sa Opisina ng Mayor para sa may kapansanan (Mayor's Office on Disability) upang tulungan ang San Francisco maging isang syudad na kung saan lahat ng tao ay nagtatamasa ng pantay na mga karapatan, pantay na oportunidad, at kalayaan mula sa iligal na diskriminasyon sa ilalim ng mga batas para sa karapatan ng may kapansanan.

#### Akses para sa may Kapansanan

- **Talaan ng Pag-uusapan**

Ang mga Talaan ng pag-uusapan sa mga pagpupulong ng Board at mga Komite ay maaaring makuha sa website ng Board at sumusunod sa mga alituntunin ng web

development ayon sa Federal Access ng Board Section 508.

Para impormasyon tungkol sa meeting ng Board at Committee, mangyaring bisitahin ang [www.sfbos.org/meetings](http://www.sfbos.org/meetings)

- **Pag-akses sa Miting:** Dahil sa emerhensya sa kalusugan na dulot ng COVID-19, pansamantalang sarado ang Board's Lgislative Chamber at Committee Room. Gayunpaman, hinihikayat ang mga miyembro ng publiko na panoorin ang mga paglilitis ng Board at Committee sa SFGovTV at makilahok nang malayuan.

Nasa tuktok ng adyenda ang impormasyon hinggil sa pag-akses ng miting, at nakasaad din ito sa website ng Board, at sa mga ligal na advertisement (patalastas).

Naka-livestream ang mga paglilitis ng Board at Committee sa SFGovTV sa [www.sfgovtv.org](http://www.sfgovtv.org) at naka-cablecast sa Channel 26.

Maaaring makilahok ang mga miyembro ng publiko sa mga paglilitis ng Board gamit ang telepono o maaari rin isumite ang mga komento sa pamamagitan ng email sa: [Board.of.Supervisors@sfgov.org](mailto:Board.of.Supervisors@sfgov.org)

- Bisitahin ang [www.sfbos.org/remote-meeting-call](http://www.sfbos.org/remote-meeting-call)

para sa mga instruksyon at kontak sa pag-remote call in para sa pagsmuite ng komento. Lahat ng mga komento na natanggap ay ay isasasama sa loob ng ulat o rekord.

- **Paglalapat ng Caption:** Ang mga pagpupulong ay may mga subtitles sa aktwal na panahon at bukas sa publiko sa pamamagitan ng cablecast open-captioned sa SF Cable 26

- **Mga Gadyet na Tumutulong sa Pagdinig** ay maaaring hilingin sa Opisina ng Clerk ng Board, Room 244.

- **Akomodasyon:** Ang mga tagapagsalin sa wikang pasenyas (sign language), taga-basa, mga malalaking mga letra para sa mga adyenda, o iba pang mga akomodasyon ay maaaring hilingin sa ADA Coordinator. Mangyari lamang ipaabot ang inyong kahilingan sa loob ng 48 oras bago maganap ang pulong upang matiyak ang mga kagamitang ito at ang pagtulong.

- **Pampublikong transportasyon:** Ang pinakamalapit na estasyon ng BART ay ang Civic Center (Market/Grove/Hyde Streets). Ang mga accessible MUNI Metro lines ay F, J, K, L, M, N, at T (labasan ay Civic Center o Van Ness na estasyon ). Ang ibang mga linya ng bus ng MUNI na malapit sa lugar ay ang 5, 6, 9, 19, 21, 47, 49, 71, at 71L. Para sa karagdagang impormasyon sa mga accessible na serbisyo ng MUNI, tumawag sa (415) 701-4485.

- **Parking:** Mayroong accessible na parking malapit sa City Hall sa Civic Center Plaza katabi ng Davies Hall at ng War Memorial Complex. May curbside na parking sa Dr. Carlton B. Goodlett Place at Grove Street.

- **Tulong sa Ebakwasyon:** Kung sakaling kailangan lumikas sa City Hall sa panahaon na nagaganap ang isang pagpupulong ng Board o isa sa mga Komite nito, ang pinakamalapit na lugar na mayroong pantulong sa ebakwasyon ay ang Restroom ng mga Lalake sa 265. Pansinin: Sa panahon na habang may ebakwasyon, ito ay isang lugar na pantulong sa ebakwasyon para sa mga babae at lalake. Mayroong emergency call box sa dingding sa loob ng restroom. Diinan ang pindutan ng box. Ang seguridad ng City Hall ay magsasalita sa pamamagitan ng intercom system at magpapadala ng mga tauhang pang-emergency upang makatulong sa paglikas sa gusali.

**Mga produktong pabango na gawa sa kemikal:** Ang susunod na impormasyon ay nakasulat sa lahat ng mga adyenda ng Board at mga komite: Upang masuportahan ang mga pagsisikap ng Lungsod para tulungan ang mga taong may malubhang allergy, may mga sakit na nakukuha sa kapaligiran, na may ibat ibang reaksyon sa mga kemikal o mga kahalintulad na kapansanan, pinaaalalahanan ang mga dumadalo sa mga miting pampubliko na posibleng

may mga kalahok sa mga miting na ito na sensitibo sa mga pabango at ibat ibang uri ng produktong may kemikal. Tulungan po natin ang Lungsod na mabigyang-ginhawa ang mga indibidwal na ito.

June 29, 2020

**Karagdagang Tulong:** Kung kailangan ninyo ng karagdagang tulong, mangyaring makipagugnayan lamang sa ADA Coordinator n gaming opisina o sa Mayor's Office on Disability.

Board of Supervisors  
Attn: Wilson Ng, ADA Coordinator  
1 Dr. Carlton B. Goodlett Place  
City Hall, Room 244  
San Francisco, CA 94102-4689  
Phone: (415) 554-5184  
TTY: (415) 554-5227  
Fax: (415) 554-5163  
Email: [Wilson.L.Ng@sfgov.org](mailto:Wilson.L.Ng@sfgov.org)  
Website: [www.sfbos.org](http://www.sfbos.org)

Mayor's Office on Disability  
1155 Market Street, 1st Floor  
San Francisco, CA 94103  
Phone: (415) 554-6789  
Fax: (415) 554-6159  
Email: [mod@sfgov.org](mailto:mod@sfgov.org)  
Website: [www.sfgov.org/sfmod](http://www.sfgov.org/sfmod)